OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 1/2/24 Time: 11:05

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-183

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG 02, H-2023 NG BARANGAY BUISAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2024 NA NAGKAKAHALAGA NG APAT NA MILYON, DALAWANG LIBO, DALAWANG DAANG PISO (₱4,002,200.00)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Buisan para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng ₱4,002,200.00;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Buisan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay Buisan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sapulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 02, H-2023 ng Barangay Buisan, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng Apat na Milyon, Dalawang Libo, Dalawang Daang Piso (₱4,002,200.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-11 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim